



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-22 ng Setyembre, 2020
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Markahan ang National Voter Registration Day – Magparehistro para Makaboto

Sa Martes ay ang National Voter Registration Day – at isang paalala na kayo ay dapat nakarehistro para makaboto kung nais ninyong bumoto ng isang balota para sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon.

Hindi lalagpas sa dalawang minuto para [magparehistro online](#) sa [sdvote.com](#). Maaari din kayong humiling ng isang porma ng rehistrasyon ng botante sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina ng Tagapagrehistro sa (858) 565-5800 o pag-email sa rovmail@sdcounty.ca.gov.

Hindi sigurado kung kayo ay nakarehistro para makaboto? Check ang inyong status sa [online](#). Kung kayo ay kamakailang lumipat o nagbago ng inyong pangalan, kailangan ninyo [muling magparehistro para makaboto](#) sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang bagong porma ng rehistrasyon ng botante.

Dahil sa COVID-19 pandemic, ang bawat aktibong nakarehistrong botante sa California ay makakatanggap ng isang balota sa koreo para sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020 na eleksyon. Hinihikayat kayo ng Tagapagrehistro na [bumoto nang mas ligtas](#) sa tirahan. Kung kayo ay boboto sa mga botohan, asahan ang mahahabang linya.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay hinahanda ang mga balota para sa pagpapakoreo at ang mga iyon ay sisimulang ipadala sa mga nakarehistrong botante sa linggo ng Ika-5 ng Oktubre. Kung up to date ang inyong impormasyon ng botante dapat ninyong matanggap ang inyong balota sa parehong linggo.

Hinihikayat ng Tagapagrehistro ang lahat na magparehistro sa lalong madaling panahon, ngunit ipinapaalam ang mga sumusunod na deadline: Hanggang Ika-19 ng Oktubre, maaari kayong magparehistro online para makaboto o magparehistro sa pamamagitan ng koreo na may postmark



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-22 ng Setyembre, 2020
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

sa araw na iyon. Pagkatapos nito, dahil sa conditional voter registration, maaari kayong in-person na magparehistro hanggang Ika-3 ng Nobyembre, Araw ng Eleksyon.

Upang lalong alamin ang tungkol sa kampanya ng Tagapagrehistro na [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at Ika-3 ng Nobyembre na eleksyon, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

